



LOMA LINDA
UNIVERSITY
MEDICAL CENTER

LOMA LINDA UNIVERSITY MEDICAL CENTER

PATAKARAN SA PAGPAPATAKBO

| | | | |
|--------------------|-----------------------------|-------------------------------------|-------------|
| KATEGORIYA: | PANANALAPI | CODE: | C-55 |
| PAKSA: | PAGSINGIL AT MGA PAGKOLEKTA | MAGKAKABISA SA PUMAPALIT SA: | 12/2017 --- |
| | | PAHINA | 1 ng 5 |

LAYUNIN:

Ang patakarang ito na pinairal sa Loma Linda University Medical Center, Loma Linda University East Campus Hospital, Loma Linda University Surgical Hospital and Loma Linda University Health Beaumont-Banning (hereinafter collectively “LLUMC”), kasama ng Patakarang sa Pinansiyal na Tulong (Financial Assistance Policy, FAP), ay nilalayong tugunan ang mga iniaatas ng angkop na mga pederal, pang-estado, at lokal na batas, kabilang ang, nang walang limitasyon, seksyon 501(r) ng Kodigo ng Rentas Internas (Internal Revenue Code, IRC) ng 1986, gaya ng sinusugan, at ng mga regulasyon sa ilalim nito. Ang patakarang ito ang nagtakda ng mga hakbang na maaaring gawin kung hindi mabayaran ang pangangalagang medikal na ipinagkaloob ng LLUMC kasama ang pero hindi limitado sa mga hindi pangkaraniwang hakbang sa pagsingil (Extraordinary Collection Actions, ECA). Hindi magkakait ang LLUMC ng pang-emerhensiya o ibang mga pangangalagang medikal na pangangailangan na batay sa kakayahang magbayad. Ang mga pumapatnubay na prinsipyong nasa likod ng patakarang ito ay upang pantay-pantay na tratuhin ang lahat ng pasyente at (mga) indibidwal na responsable nang may dignidad at paggalang at upang tiyakin na ang mga angkop na pamamaraan ng pagsingil at pagkolekta ay magkakatulad na sinusunod at upang tiyakin na ang mga angkop na pagsisikap ay ginagawa upang matukoy kung ang (mga) indibidwal na responsable para sa pagbabayad ng lahat o bahagi ng account ng isang pasyente ay karapat-dapat sa tulong sa ilalim ng FAP.

Ang LLUMC ay nakalaang tumulong sa may-insurance at walang-insurance na mga pasyente na matupad ang kanilang mga obligasyon sa pagbabayad at sa paggamit ng hindi pabagu-bago at sumusunod na mga gawain sa pagsingil at pagkolekta sa pasyente sa lahat ng pasyenteng karapat-dapat para sa tulong sa ilalim ng FAP.

A. PAGSINGIL AT PINANSIYAL NA ISINASAALANG-ALANG

1. Ang LLUMC ay hindi sasali sa mga ECA, tuwiran man o sa pamamagitan ng mga awtorisadong ahente, bago isagawa ang mga naaangkop na pagsisikap para alamin kung ang isang pasyente ay karapat-dapat sa tulong sa ilalim ng LLUMC FAP.
2. Obligasyon ng pasyente o tagagarantiya (tinutukoy dito bilang “pasyente”) na magbigay ng tamang address na pangkoreo at tamang numero ng telepono sa panahon ng serbisyo o pagkatapos lumipat. Kung ang isang account ay walang tamang address o numero ng telepono, ito ay maaaring makaapekto sa pagtukoy ng naaangkop na pagsisikap.

3. Bilang isang paggalang sa mga pasyenteng may insurance, ang unang claim ay isusumite sa kanilang kompanya ng insurance. Ang mga claim ng pangalawa at/o pangatlong mga tagabayad ay magpapasumite sa LLUMC o mga Awtorisadong Ahente nito sa ngalan ng pasyente pagkatapos makumpleto ang resolusyon ng claim sa pangunahing tagabayad na insurance. Ang mga walang-insurance na pasyente ay tuwirang sisingilin ng LLUMC para sa kanilang claim.
4. Sa sandaling maganap ang resolusyon ng pangunahin at pangalawa na claim, kukumpletuhin ng lahat ng account, may insurance man o wala, ang parehong proseso ng pagkolekta para sa balanse ng pasyente na dapat bayaran sa LLUMC.
 - 4.1 Ang LLUMC o ang mga Awtorisadong Ahente nito ay hindi lalahok sa mga ECA hanggang nakaraan na ang 150 araw sa petsa ng unang pahayag ng bayarin pagkalabas ng ospital para sa pangangalagang pinag-uusapan at bago makapagsagawa ng mga angkop na pagsisikap upang malaman kung ang pasyente ay karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng FAP.
 - 4.2 Ang LLUMC o ang mga Awtorisadong Ahente nito ay magbibigay sa pasyente ng apat (4) na pahayag ng bayarin (billing statement) sa pamamagitan ng koreo pati na ang paunawang nagsasaad na may pinansiyal na tulong na mahihiling at di bababa sa isang (1) pagsubok na tawag sa telepono kung saan ipagbibigay-alam ng LLUMC o mga Awtorisadong Ahente nito sa pasyente ang tungkol sa FAP.
 - 4.3 Hindi kukulangin sa tatlumpong (30) araw bago simulan ang anumang mga ECA, ang LLUMC o mga Awtorisadong Ahente ay:
 - a. Magbibigay sa pasyente ng abiso ng mga ECA na nilalayong simulan ng LLUMC upang makuha ang kabayaran para sa pangangalaga.
 - b. Magbibigay sa pasyente ng Buod ng FAP sa Simpleng Pananalita.
 - c. Gagawa ng pabigkas na pagsisikap na kontakin ang pasyente sa pamamagitan ng telepono sa huling alam na numero ng telepono.
 - 4.4 Kung may hindi pagbabayad at pagkatapos gawin ang mga naangkop na pagsisikap upang ipagbigay-alam ang tungkol sa pinansiyal na tulong na makukuha, ang LLUMC o ang Awtorisadong Ahente nito ay maaaring magsimula sa mga pagkolekta 150 araw pagkaraan ng petsa ng unang pahayag ng bayarin pagkatapos ng paglabas.
 - 4.5 Kung ang isang kinumpletong Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong (Financial Assistance Application, FAA) ay natanggap sa panahon ng aplikasyon, sususpendihin ng LLUMC ang mga ECA habang ito ay nagsasagawa ng naaangkop na pagsisikap para tukuyin kung ang isang pasyente ay karapat-dapat sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng FAP. Kung ang hindi kumpletong FAA ay

matanggap sa panahon ng aplikasyon, ang mga ECA ay sususpendihin nang hindi hihigit sa tatlong (30) araw habang ang LLUMC ay magbibigay ng nakasulat na abiso sa pasyente na maaaring sisimulan o ipagpapatuloy ang mga ECA kung ang FAA ay hindi makumpleto. Ang aktibidad na pagkolekta ay magpapatuloy sa mga sumusunod na kalagayan: (i) may naganap na pagwawasto sa bahagi lamang (ii) hindi nakipagtulungan ang pasyente sa proseso ng pinansiyal na tulong, o (iii) ang pasyente ay hindi karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong.

4.6 Kung matukoy ng isang ikatlong partidong ahente o ahensiya ng pagkolekta na ang isang pasyente ay nakatutugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa pinansiyal na tulong ng LLUMC, ang account ng pasyente ay maaaring isaalang-alang para sa pinansiyal na tulong. Ang mga ECA ay sususpendihin ng hindi hihigit sa tatlong (30) araw habang ang LLUMC ay magbibigay ng nakasulat na abiso sa pasyente na maaaring sisimulan o ipagpapatuloy ang mga ECA kung ang FAA ay hindi makumpleto. Ang aktibidad na pagkolekta ay magpapatuloy sa mga sumusunod na kalagayan: (i) may naganap na pagwawasto sa bahagi lamang (ii) hindi nakipagtulungan ang pasyente sa proseso ng pinansiyal na tulong, o (iii) ang pasyente ay hindi karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong.

5. Maaaring magsumite ng pinansiyal na impormasyon ang mga pasyente sa anumang oras sa yugto ng pagkolekta para sa pagsasaalang-alang sa pinansiyal na tulong alinsunod sa LLUMC FAP. Ang lahat ng magagamit na paraan ng tulong at mga pagbabayad mula sa mga ikatlong partidong tagapagbayad ay dapat gamitin bago isaalang-alang ang naturang tulong.

6. Ang mga pasyente ay hinihikayat sa pamamagitan ng website ng LLUMC at pakikipagsulatan upang gumawa ng mga pakikipag-ayos sa pagbabayad alinsunod sa LLUMC FAP kapag ang pagbabayad nang buo ay hindi magagawa.

B. MGA HAKBANG UPANG ILATHALA ANG PATAKARAN SA PAGESINGIL AT PAGKOLEKTA

1. Ang mga kopya ng Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta, ang Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP), Ang Buod ng FAP sa Simpleng Wika, at Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong (FAA) ay malawak na ilalathala at makukuha sa mga sumusunod na paraan:

1.1 **Online** sa website ng LLUMC,
<https://medical-center.lomalindahealth.org/financial-assistance#llumc>

1.2 **Sa pamamagitan ng telepono** sa LLUMC Customer Service sa (909) 651-4177

1.3 **Sa pamamagitan ng koreo** sa LLUMC Customer Service:

P.O. Box 700
Loma Linda, CA 92354

- 1.4 **Sa pamamagitan ng mga nakapaskil na karatula at mga papel na kopya o brochure** sa mga departamento ng emerhensiya, mga lugar ng pagtanggap ng pasyente at opisina ng negosyo ng lahat ng ospital ng LLUMC, sa mga wikang angkop sa lugar ng serbisyo ng ospital.
- 1.5 **Nang personal** sa pamamagitan ng mga pagbisita ng Pinansiyal na Tagapayo, ayon sa kailangan, sa mga pasyente sa mga ospital ng LLUMC, at mga talakayan ng mga itinalagang tauhan, kapag naaangkop.
- 1.6 **Sa mga listahan ng bayarin**, isasama ang numero ng telepono para sa mga tanong tungkol sa pinansiyal na tulong.

C. MGA PAGPAPAKAHULUGAN

Panahon ng Aplikasyon:

Ang panahon na ang isang indibidwal ay maaaring mag-aplay para sa pinansiyal na tulong. Ang Panahon ng Aplikasyon ay matatapos sa ika-240 araw pagkatapos magpadala sa pamamagitan ng koreo o elektroniko sa indibidwal ang LLUMC ng unang pahayag ng pagsingil para sa pangangalaga, pero maaaring palawigin ng LLUMC sa mga hindi pangkaraniwang pangyayari.

Mga Awtorisadong Ahente:

Ang mga ahenteng maaaring kontratahin ng LLUMC upang gumawa at magpadala ng mga liham, paunawa, bayarin at/o ibang mga pahayag sa mga pasyente tungkol sa mga halagang dapat bayaran ng pasyente at upang kontakin ang pasyente tungkol sa pagbabayad ng kanilang hindi pa nababayaran bayarin.

Hindi Pangkaraniwang Hakbang sa Pagkolekta (ECA):

Ang mga hakbang na isinagawa ng LLUMC laban sa isang indibidwal na may kaugnayan sa pagkolekta ng bayad sa isang bayarin para sa pangangalagang saklaw sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng LLUMC at maaaring kasama ang mga sumusunod: (a) pagbenta ng utang ng isang indibidwal sa ibang partido maliban kung iba ang malinaw na isinasaad ng pederal na batas; (b) pag-uulat ng mga nakakapinsalang impormasyon tungkol sa indibidwal sa mga tanggapan ng kredito ng mamimili; at (c) mga partikular na hakbang na nag-aatas ng ligal o sa hukuman na proseso ayon sa tinutukoy ng pederal na batas, kasama ang ilang karapatang panghawakan ang ari-arian hanggang sa makabayad (lien), pagremata sa ari-arian, mga pagkamkam/pagkumpiska, pagsisimula ng isang aksyong sibil, pagsasailalim sa isang indibidwal sa utos ng pag-iilit (writ of attachment), at pag-iilit ng mga sahod ng isang indibidwal. Hindi kasama sa mga ECA ang anumang lien na may karapatan ang isang ospital na igiit sa ilalim ng batas ng estado sa mga nalikom ng isang hatol, pakikipag-ayos o kompromiso na dapat bayaran sa isang indibidwal (o sa kanyang kinatawan) bilang resulta ng mga personal na pinsala kung saan nagkaloob ng pangangalaga ang ospital.

Patakaran sa Pinansiyal na Tulong:

Ang patakarang itinatag ng LLUMC para sa pagkakaloob ng pinansiyal na tulong sa mga karapat-dapat na pasyente na nangangailangan ng pinansiyal na tulong, sa partikular ang LLUMC FAP.

Kodigo 501(r) ng Rentas Internas (Internal Revenue Code):

Kasama ang mga regulasyong pinaiiral sa mga mapagkawangawang ospital.

Medikal na Kinakailangan na Pangangalaga:

Ang mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan ayon sa ibinigay na kahulugan ng §14059.5 ng Kodigo sa Kawanggawa at mga Institusyon ng California (California Welfare & Institutions Code). Ang serbisyo ay medikal na kinakailangan o isang medikal na pangangailangan kapag ito ay makatwiran at kailangan upang magprotekta ng buhay, hadlangan ang grabeng karamdaman o malaking kapansanan, o pagaanin ang matinding pananakit.” Hindi kasama sa kahulugang ito ang mga natatanging serbisyo kung saan may magagamit na mabibisang alternatibong therapy. Kasama sa mga halimbawa ang: 1) Mga serbisyong pampaganda at/o plastic surgery; 2) Mga serbisyong may kinalaman sa pagkabaog; 3) Pagwasto ng paningin; 4) Proton Therapy; 5) Mga pamamaraang robotiko; 6) Orthotics/Prosthetics; 7) Surrogate na pagbubuntis; o 8) Mga ibang serbisyo na pangunahing para sa kaginhawaan at/o kaalwanan ng pasyente.

Buod sa Simpleng Pananalita:

Isang buod ng patakaran sa pinansiyal na tulong na madaling basahin, madaling intindihin at madaling gamitin.

Sanggunian sa Patakaran

[Kawangawang Pangangalaga/May-diskuwentong Pagbabayad \(C-22\)](#)

MGA NAG-APROBA: Tagapagpaganap na Pamunuan ng Ospital ng LLUMC, Lupon ng LLUMC, Punong Tagapagpaganap na Opisyal ng LLUMC, Nakatataas na Bise Presidente ng Pananalapi ng LLUMC, Carolyn Marovich